PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S SPEECH DURING THE BIRTHDAY CELEBRATION OF SENATOR EMMANUEL "MANNY" PACQUIAO

KCC Convention and Events Center, KCC Mall, General Santos City
17 December 2017

Just a few minutes to allow the family and the Senator to be seated.

Anyway, isang page lang ang ibinigay sa akin. And I could finish this in about 30 seconds and hindi ho karapat-dapat. I think that I will dove tail. Sundan ko 'yung sinabi ni Senator Pacquiao.

Para siguro hindi naman mainsulto 'yung gumawa nito. Tutal pinag-gastuhan rin niyang panahon. Just to give justice to the guy who had to work it between his ears, the gray matter to produce this speech.

May I just be allowed to --- in a few seconds --- to read the penultimate paragraph: I greet tonight's celebrator, our beloved Senator Emmanuel "Manny" Pacquiao a very happy and meaningful birthday. It is my pleasure to be here with you as we share happy memories in celebration of another milestone in your blessed life. You have brought so much pride and joy to our country for being a world champion in the field of boxing. The determination you have shown and the humility you embody in the midst of glorious triumphs are worthy of emulation by our countrymen.

As a senator, you have demonstrated the qualities of a true leader—someone who believes that in order to make the Philippines a better country, we have to keep our people on top of our priorities. I am glad that you are with me in this mission. I pray for your good health and also for your family so that you will be able to enjoy and serve the Filipinos. Continue to inspire and uplift others as we lead them towards a more prosperous and comfortable life. Manny, happy birthday.

Now, medyo kulang to eh. I have to say something about the message of our beloved Senator. Alam mo, nagpapasalamat rin ako, gaya kay Manny. I thank God that anak ako ng mahirap. And I am one of those descendants na who migrated to Mindanao in the early or late '48, '49, '50. And my father was a Cebuano from Danao and he traveled here for the greener pasture.

My father was a lawyer and he was a member of the military JAGO and after the war he became the military governor, 'yung Danao City ngayon. But after that, nakita nila that it was competitive. Sila Governor Llanos noon, Calamba 'yung tatay ni Doming, 'yung sa Human Rights, Dominador and others. Sila 'yung mga sundalo and he met my mother na kalahati Maranao. My grandfather, Chinese. So that's my mixture actually. I am a descendant of a Maranao lady.

Ngayon, pasalamat ako na anak ako ng mahirap. Had it been na anak ako ng milyonaryo and probably because of the political environment in the Philippines. Alam

mo, every time there's an election, 'yung they meet in cabal, 'yung mga leaders ng ating bayan at sila-sila lang 'yan. "O, ito, ito 'yung patakbuhin natin tapos tawagan si…" "O, 'yung mga taipan, mga Chinese, ito…" That's the usual case. Sila-sila lang ang namimili sa ating destiny sa Pilipinas.

Well, sometimes, may lumalabas na mga milagrong konti lang, hindi malaki. For example, Manny, from the humble beginnings to what he is now. But yet, hindi niya maalis-alis, he cannot detached himself from being what he was. Ako ang paradigm ko, kasi tatay ko nga migrant lang, he started from scratch. Ang nanay ko Maranao, but she was a learned lady and she was a teacher and she retired a school supervisor.

Ngayon, bakit ako malupit sa corruption? Hindi ako nagmamakalinis. I had my faults, plenty. But you know, for the 23 years --- one term congressman, one term vice mayor. Total of almost, 'pag matapos ako dito, I have been in politics for 40 years. I never lost an election. Kung anak ako ng --- hindi ko makuha ang Davao. And ganun na lang, sa birthday, I am dedicating this message to Manny.

You know why? Sabi ko sa kanya, at one time, kami lang dalawa nag-uusap. "'Yung style mo na 'yan gusto kita gawaing presidente. Alam mo kaya mo." [applause] Not so much about --- "Kami mga kababayan, nandito at naghahangad na ganito ang gawin namin." Parang tape recorder na, next election tutugtugin mo lang, ganun na 'yan eh. Really, ang hinahanap kasi 'yung ginagawa.

When I was in Davao --- well, of course, I was a prosecutor. I was doing trial work, sa korte araw-araw for the past nine years. But when I became mayor, isa lang talaga because of my resolve. Sabi ko, I am not a policeman, I am not a military man, I am just an ordinary citizen in the city. I will build a city if I can, that is peaceful, progressive, kasi 'yun ang pinuntahan ng tatay ko dito eh. Kasi kung may opportunity lang siya, may minahan siya, may coconut plantation o ano, why would he have to travel to Mindanao to seek the greener pasture they call?

So ang paradigm ko, mindset ko is: Anong pinuntahan ng tatay ko dito? Maluwang daw na lugar. Go to Mindanao because it is the land of promise and most of us are descendants na who started from scratch. 1948, lasang pa ang Davao, lalo na itong Gen San. Far and between the years, patayan dito, patayan doon because of land. And that's why we are trying to settle this, the only way na tayong lahat hindi madamay in the vortex of violence. So sabi ko, "Do not destroy the city that I have or so far built." And do not destroy the young of my city.

During the elections, for the several presidential debates, I was the first one who would finish early. Kasi ako ang ipinangako ko, I will stop corruption. Kung kaya ko. Puputulin ko itong droga kasi talagang sinisira ang bayan ko. You know, magka-diperensya tayo, okay lang, any irritation or trouble. Huwag lang 'yang interest ng bayan. Hindi talaga ako pwede diyan. Mag-aaway tayo niyan kung hindi tayo magkaintindihan.

Then I promised that I will try to make the entire country peaceful kung makaya ko and allow the economic people to do their job of building the economy of the Philippines. And it is happening although --- well, we have improved dramatically in our economy. We're hitting 6 point --- that's a big sum, even at 6.4 malaki na 'yan. So it's a high.

Medyo tayo sa Davao, walang trabahante, alam ninyo 'yun dito. Naghahanap tayo ng trahabante because itong mga electrical, mga master, ang naiwan kasi dito 'yung hindi masyado marunong, the master plumber, master --- nandiyan sa Middle East ngayon. So tayo dito naghahanap na ng mga trabahante at wala tayong makuha. That is why we have to invite the guys to come back again. Sabi ko, Manila pati Davao, it's bursting to the seams. Building dito, building doon. We are improving. Ayaw ko lang magbigay ng to what level. Magyayabang ako eh. Alam mo ganun 'yan eh. "Ito ginawa ko." Basta ako, I am trying to just do what I promised.

Itong sa corruption --- matagal ko ng ayaw 'yan, mayor pa ako. Puputulin ko talaga 'to. Pipilitin ko pati kayong mga COA makinig kayo. Do not insist on this because mag-aaway tayo at hindi ako susunod sa inyo. Don't give me that shit. Alam mo itong lowest bid, ito ang nagka-l****-l**** sa ating buhay Pilipino. Matagal na 'yan. Kung may project diyan, for example, dito building, 100 million. May mga grupo dito sa Pilipinas umiikot lang 'yan. Nag-go-golf lang 'yang mga… At kung may narinig saan 'yung bidding, doon 'yan sila pupunta. They go there and meet in cabal and agree to rig every bidding.

Mahirap kasi sa lowest bid, 100 million, magbi-bid ka. "I will…" "O sige, ako isang contractor malaki, I will bid it at 95." So mahal, isa 90. Itong sindikato na ito, da-dive 'yan. Pero sila-sila lang 'yan. "O dive ako ng 70." Mag-dive 'yung isa ng 60. Mag-dive 'yung isa ng… Kaya ang project worth 100 million, ang bidding nila, anak ka ng…

Ang gobyerno naman because it is bound by that lowest bid, pupunta doon. "Ito o, mas barato itong bayaran natin, 100 million o." He will build it for 60 million. Magbigay pa doon sa barangay captain. Magbigay pa doon sa mga… I'm not trying to offend anybody, konsehal, mayor, governor, o presidente kung malalaki. 'Yan ang problema, magbigay pa doon. Pati 'yung kalsada ninyo, pati barangay captain bigyan because under the law he has to sign. Ilan na lang maiwan sa pera sa contractor? That leaves him about 50, half. Wala na siyang kita kung gawain pa niya, 100 million. So he will give you a building and an infrastructure worth 45 million. Araw-araw 'yan all over the Philippines.

Nag-meeting kami ni Diokno pati ni Dominguez, sinabi ko, "I cannot tolerate it anymore." P****. Sabi ko, "Alam mo, 'pag hindi tayo nagkaintindihan dito, magre-resign ako." If I cannot even do a little difference of what the practice used to be, then there is no need for me to be here. I just don't want, totoo yan, the power of being President. Tapos na ako diyan. 'Yang palakpakan pati 'yung praises, I've been --- sa 23 years mayor, maski saan ako, pumapalakpak 'yung tao. It does not mean to me anything at all ngayon. P** --- magtino --- either magtino tayo o maglokohan tayo. Kung mag-sige kayo nakaw diyan, pati ako magnakaw na rin. Umpisang --- a bit too late in my life. Kung

papayagan ko kayo, p***** i**, unahin ko sarili ko. Ngayon, maghintay kayo. If I don't start it, you stop.

Ito ang proposal ko, 100 million itong building na ito? Okay, pa-bid ko, lahat ng mga contractor. Kaya mo 100 million? Tayuan mo ako ng 100 million. Pagkatapos niyan bayaran kita. Pag-hinao-siao mo ako, mga semento, p** --- nada. Hindi ko tanggapin 'yan. Sinong contractor ngayon magloko para malugi? You build a 100 million, hindi ko bayaran kasi hinao-siao mo 'yung canal, walang ano. So 'yung malalaking project is tawag nila turnkey. 'Yan na.
I will insist on that. Maraming mga negosyante umangat. 'Yung mga small time na mga highway lang diyan, dito, mga barangay roads. Well, we better find a way of doing it. Ngayon, ayaw ko niyang lowest bid kasi kukurakot lang 'yan. Kurakot ang mangyari diyan. Ngayon, kung ipagawa ko sa'yo parang swiss challenge, "Oh, 100 million, kaya mo?" Bayaran tayo pagkatapos. Lokohin mo 'yung building mo, sarili mo 'yan, iyo na 'yan. Pagdating ng magkuha, oh, pa-inspection ko, sa lahat, sa gagamit. "Sino ba ito? SSS?" "Oh, sige, tignan ninyo." "Okay?" "Okay, sir." "Okay, sige bayad tayo."

Wala akong problema. Ayaw ko 'yang barato kasi babaratin ka, kaya nga barato eh. Kasi baratin ka talagang y*** na 'yan. Gusto ko mahal. Hindi bale basta malinis. Ngayon, kung mag-building, mag-gawa ka ng building na puro sira-sira, magsabi ang inspector o 'yung mga SSS administrator na, "'Di man maganda 'yon." Ayusin mo, otherwise, wala kang bayad. Ganun ang lahat nang mabibigat na project sa gobyerno. It has to stop.

Now, babalik ako sa Maynila kasi pupunta pa ako doon sa bagyo. T*** i**** bagyo na 'yan, gusto kong sipain. Hindi pa nga nakalabas 'yung isa, may papasok nanaman daw. T*** i**, umaabuso itong y*** na ito. [laughter and applause] Galit ako sa bagyo. Wala man ako'y… Sino man ang pagalitan ko? 'Yung mga taong nagdurusa doon? Sa ano daw, Biliran, naputol 'yung bridge so people are stranded, I have to fly there.

Galing ako doon sa party sa mga LGBT. Sabi ko mauna na ako kasi pupunta pa ako dito to celebrate the evening with Manny. At Wednesday, mga tatlong superintendent, about 90, siguro mga minimum of 60 police, umalis kayo sa PNP. I am starting the purging at huwag kayong mainsulto kung hindi ka naman tinatamaan, huwag kang magalit kasi ako galit na sa dati eh. I'm just warning itong mga pulis na kurakot o 'yung mga may --- it could be the mayor's office or it could be --- talagang hihiritan ko kayo, babantayan ko kayo.

Alam mo bakit? Kayong mga gangster na nasa police o nasa gobyerno, medyo may takot ako na 'pag wala kayo sa serbisyo, 'yung baril ninyo na nalaman ninyo then you start to bed, makitulog ka na doon sa mga gangster. 'Yun ang hanap-buhay ninyo eh. Nasanay kayo sa kalokohan, maalis kayo sa kalokohan, mawalaan kayo ng trabaho, maghanap kayo, eh kayo 'yan eh. Huwag mo kaming pabayarin sa kalokohan ninyo. It is not fair. Mawalaan ka ng trabaho, ang alam mo pang-pulis, mag-holdup ka, pupunta ka sa droga, eh talagang --- sabi ko walang korapsyon, droga at sisirain mo 'yung bayan ko, I will destroy you.

Itong mga human rights ngayon, kung hindi kayo g*****, eh may sabi na sirain ko, patayin ko kayo. Ano ba namang ba --- karami pang salita diyan. And every government has the right to preserve its people and also to preserve only one Republic of the Philippines. I will never allow any.

So sa mga kapatid ko na mga MI, MN, let us continue talking because both of these entities are for peace. Gaano kalawak ang ating ibigay, concession, is something which has to be discussed. But pagka hindi lumusot 'yan sa Congress, do not draw your guns right away. We still can talk and maybe explore other areas. But I assure you that during my term, maayos 'to.

As I have said, I've been stressing that so that everybody will understand that when Magellan landed in Leyte 1521, the island of Mindanao was already Islam. Kaya kung hindi ka Islam ang relihiyon at hindi ka Maranao, Maguindanao, Iranon, hindi ka Kagan, Sama, Tausug, o Yakan, you are not from Mindanao. If you are a Christian, your formers came here when Magellan subjugated the entire country. Maski 'yan sila Lapu Lapu noon --- I have been doing an --- nung congressman ako noon, I've been to Malaysia's stu --- I went to the archives. When Magellan --- kita mo 'yung ano ni Lapu Lapu? That's a Yakan --- 'yung ano niya, headgear niya.

Ako, wala naman akong independent study in the Philippines, I just got it from Malaysia but he was --- kaya siguro talaga nagpatayan. Dito sa Mindanao, panahon ni Lapu-Lapu, the first aggressor was Magellan. Subsequently, Spaniards wanted to cut the sub --- migration of Visayas. Kaya napunta ng Zamboanga, nagtayo ng Fort Pilar to stop the inroads of --- but you know they never succeeded.

The Americans, despite of so many massacres, kani ang Balangiga Bell. Sabi ko sa kanila, kausap ko ang isang Amerikano, okay lang man 'yan. Naintindihan ko 'yan. Sa first SONA ko, ipinasok ko talaga 'yan. Sabi ko, alam mo, 'pag --- 'yang manalo na --- you win a war, the pillage and nakawan, war booty tawag eh, remembrance, kuha kayo nang kuha. Okay lang 'yan. We would have understood it at that time or until now. The problem is minasaker (massacre) ninyo ang isang bayan. At ang order was to make the land with the howling winds, characterized pa. The word itself is really morbid. To make it a howling wilderness. Kung walang namatay na Pilipino, okay lang ako. Kunin mo na kung anong gusto mo. Huwag ka lang pumatay.

Ang problema dito sa Balangiga, it was accompanied by a massacre at sinabi ninyo, the order was to kill every male 10 years old --- 10 and 10 years old above, pati 'yung mga lalaki. 'Yun ang nakapasakit sa akin. Diyan ako na pwedeng hindi mo talaga --- I can maybe --- but it pains me deeply na sabihin mo, "Ah Duterte ano ka na, kina-kalkal mo kasi, naghahanap ka lang ng issue." Eh matagal na 'yun eh. When was it? 100 years ago? O 150 years ago? Why? Was the morality then different from the immorality now? Or the morals before is far different from the morals of today's? 'Yan ang problema.

Kaya sinasabi ko lang bakit ako na --- you know, do not --- with my country. Kasi 'yan ring mga bagay na di ako --- 'yung ganun. Hinaluan ninyo ng massacre eh. Kaya masakit sa akin. Isauli mo talaga 'yan. Huwag mo nang hintayin na…

Kaya ito ring pinaghalo-halo ko 'yan para malaman ninyo ang intensity ng --- kasi itong MI, MN, kung magka-giyera tayo, we will all suffer, Moro and Christian and Lumad alike. Nobody wins, maniwala kayo. Maski na paputok dito, paputok, walang mangyari. It will forever be an island of turmoil.
Alam mo kasi, pag mag-umpisa ang giyera, my enemy would be your friend. Prangkahan lang tayo. It will open the floodgates of the southern islands. Papasok ang ISIS. Pagpasok ng ISIS, which is a very corrupt without any redeeming factor at all an ideology that only knows how to kill and destroy. Pag 'yan na ang mangyari, wala nang katapusan 'yan. Because you nurture hatred, palaki nang palaki 'yan. That's the last thing I know from where of I speak.

'Yung isang anak ko --- and lumabas nga doon sa Daily Star na nagpa-picture, ano ba naman 'yan? Kadugo ko 'yan eh. Small matter, gamitin lang 'yung Malacañan. Wala naman ako doon. But even if I was there, itong granddaughter ko magpa-picture, lahat nga ng mga bisita pumupunta diyan, nagpapa-picture eh. You know, that girl, she's going to be 18 years old. Ang nanay niyan, Maranao, ang tatay niyan, Tausug. May mga apo ako na Muslim. Kaya sabi ko, kayong mga Moro, do not be offended by my words. I'm just trying to tell you that there is a problem which we have to solve together.

Huwag kang magturo sa akin kay ang nanay ko Maranao. Itong mga apo ko, anak ni Pulong, puro Muslim 'yan. Saan mo ako ilagay? Ako, Presidente, p***. Usap tayo. Nobody begins the killing. Nobody but nobody. Hindi ako papayag. Mag-usap talaga tayo and we will give concessions. And I will explain to the Filipino, the rest of the nation, "Alam mo, ganito 'yan eh just what I'm trying to tell now. So we have the options on the table. And we will do it."

Balikan ko corruption, alam mo for so many years every administration has always a component of corruption. Pati sa akin na nangyari na, one year na ako eh. I have fired a lot of people including people here who were with me during the 1988 campaign for the city mayor. Matagal kami nagsama. Sinabi ko sa inyo ayaw ko 'yan. Magka-ano ka ng iba, huwag 'yan kasi pera ng tao. Do not try to travel, I appointed you September ngayon nakaabot ka ng eight travels in and out. Lahat ng convention pati seminar gusto mong puntahan.

So now the rule is this nobody gets out of the Philippines using public money. You have clear it with me. Titignan ko kung anong klaseng convention 'yan. Kasi tinignan namin 'yung iba pipirma lang, in—pero wala pasyal lang. Hindi na mag-attend ng ano. Eh ginagawa ko 'yan noon pero sa eskwelahan. Wala man kayong ibinigay na tuition sa akin.

Eh 'yung anak ko, 'yung anak nakin, sabi ko 'yung anak kong babae sa pangalawang asawa ko. Dalawa ang asawa ko eh, ilan tayo tag-dalawang asawa? [laughter] Nahiya

pa ang mga g*** oh. [laughter] Sabi niya "Pa, itong si Briones ba, hindi ba secretary 'yan ng --- under your control ba 'yan?" Sabi ko, "Yes, supervision and control 'yan eh." "Sasabihin mo 'yung K-12 nagkamali siya doon." Sabi ko, "Anak, huwag kang masyadong magmadali kasi ang tatay mo original ako K-12 rin." I finished high school in seven years kita mo. [laughter]

But it doesn't mean to say that what is really immoral noon could become moral ngayon. Or that it was wrong at that time, it becomes right now. Ganoon lang 'yan ang ano. So ako pagbalik ko bukas tingnan ko, tatlong superintendents I think that—ewan ko kung mga tatlong general 'yan. Sabi ko sa inyo police and all: Stop it, stop it kasi hindi tayo magkaintindihan. Just as money articulated. Huwag mong sayangin 'yung pera ng tao kasi hindi iyan atin. Kung mahina ang negosyo mo sa gobyerno, eh 'di umalis ka.

So that rule now of lowest bid—wala ito mga grupo lang ito saan-saan magpunta kung may bidding laro, laro ng golf, "Oh meron na?" O sige punta doon. "Oh ito ang bid ko, lowest ang akin." Tapos may babagsak pa, tapos 'pag nanalo na meron mang kaagad 'yang down-payment ang gobyerno, ah bahin-bahin na ang mga buang. Kaya lahat ng project wala kang matinong makita. Really.

The fundamental issue there is walang magandang project basta galing gobyerno dahil nga sa corruption. Kaya lahat, lahat 'pag umalis ka na ng ano even local officials p*** you… You better submit your travel papers very early kay hindi lang magpapatong 'yan diyan. Titignan ko. If you can make it one month earlier madala mo na sa DILG para titignan ko. At kung hindi ko man --- sabihin lang ng convention, convention, you better stay here. If it really… If it cannot really help the country considerably, you're just wasting the money of the people, that's what Manny Pacquiao would want to convey to you.

So birthday niya, let us honor --- or at least the entire Philippines is listening now --- ang gift ko sa kanya is jointly with his personal hatred for corruption. I join him with the same intensity of hate. And 'yan ang birthday ko --- gift ko para sa kanya, yayariin ko kayong lahat.

Maraming salamat po. [applause]

* * *